This is a digital copy of a book that was preserved for generations on library shelves before it was carefully scanned by Google as part of a project to make the world's books discoverable online.

It has survived long enough for the copyright to expire and the book to enter the public domain. A public domain book is one that was never subject to copyright or whose legal copyright term has expired. Whether a book is in the public domain may vary country to country. Public domain books are our gateways to the past, representing a wealth of history, culture and knowledge that's often difficult to discover.

Marks, notations and other marginalia present in the original volume will appear in this file - a reminder of this book's long journey from the publisher to a library and finally to you.

Usage guidelines

Google is proud to partner with libraries to digitize public domain materials and make them widely accessible. Public domain books belong to the public and we are merely their custodians. Nevertheless, this work is expensive, so in order to keep providing this resource, we have taken steps to prevent abuse by commercial parties, including placing technical restrictions on automated querying.

We also ask that you:

+ *Make non-commercial use of the files* We designed Google Book Search for use by individuals, and we request that you use these files for personal, non-commercial purposes.
+ *Refrain from automated querying* Do not send automated queries of any sort to Google's system: If you are conducting research on machine translation, optical character recognition or other areas where access to a large amount of text is helpful, please contact us. We encourage the use of public domain materials for these purposes and may be able to help.
+ *Maintain attribution* The Google "watermark" you see on each file is essential for informing people about this project and helping them find additional materials through Google Book Search. Please do not remove it.
+ *Keep it legal* Whatever your use, remember that you are responsible for ensuring that what you are doing is legal. Do not assume that just because we believe a book is in the public domain for users in the United States, that the work is also in the public domain for users in other countries. Whether a book is still in copyright varies from country to country, and we can't offer guidance on whether any specific use of any specific book is allowed. Please do not assume that a book's appearance in Google Book Search means it can be used in any manner anywhere in the world. Copyright infringement liability can be quite severe.

About Google Book Search

Google's mission is to organize the world's information and to make it universally accessible and useful. Google Book Search helps readers discover the world's books while helping authors and publishers reach new audiences. You can search through the full text of this book on the web at `http://books.google.com/`

Class 499.211 No. B28
no. 191L
Presented by v. 24

H. H. BARTLETT COLLECTION
ON THE PHILIPPINES NO: 191L v24

Hosted by Google

Hosted by Google

Hosted by Google

SALITA AT BUHAY

NA PINAGDAANAN

NANG

HARING ASUERO

NI

D.ª MARÍA AT NI JUAN POBRE

SA BAYANG JERUSALÉN

MANILA

IMP. DE FAJARDO Y COMP.ª *Platerías 40*

1905.

Hosted by Google

SALITA AT BUHAY

NA PINAGDAANAN

NANG HARING ASUERO

NI

D.ª MARÍA AT NI JUAN POBRE

SA BAYANG JERUSALÉN

MANILA

IMPRENTA DE FAJARDO Y C.ª

40.—Platerias—40.

1905.

Hosted by Google

Hosted by Google

1963 1930

SALITA AT BÚHAY

NA PINAGDAANAN

Nang Haring Asuero

NI

DOÑA MARÍA AT NI JUAN POBRE

SA BAYANG JERUSALÉN

Oh Dios na Poon Todopoderoso
gumaua,t, lumalang nitong boong mundo,
tulungan mo ngayon ang labi,t, dila co
na macapag-abi ng isang ejemplo.
Cayóng tanang Santos at mga Angeles
catoto ng Dios at Hari sa langit,
hulugan ng gracia mahina cong isip
ang sasabihin co,i, huag ding malihis.
Mga camahalan ano cayáng dapat
sucat cong masabi at ma-ipahayag,
saan man tumingin matá co,i, ilingap
cayo,i, purong-purong magnatis na lahat.
Nguni gayon man po mga camahalan
ang sasabihin co,i, aquing pupunuan,
cun sa halimbaua at aco,i, magculang
punan na ng inyong bait na hinusay.
Di anhin ang sabi niyong unang daco
na casalucuyan ng Haring Asuero,
reinong Jerusalen siyang gumobierno
at ang casanguni ay isang guinóó.

Hosted by Google

Sa anomang usap lihim man at hayag
ang Privadong ito ang nacacausap,
at siyang sa lahat ang nag papahayag
sa labas at loob nitong boon Ciudad.
Di co pag-aanhin ng̃ humabang arao
diua,i, talaga na ng̃ Dios na mahal,
manang isang gabí Hari,i, nanaguimpan
ng̃ isang malalim na cababalaghan.
Di anhi,i, inalis ang corona,t, cetro
ang napanaguimpan ng̃ Haring Asuero,
at ang hahalili ay isang villano
anác ng̃ mahirap at pulubing tauo.
Ano,i, ng̃ matantong siya,i, hahalinhan
ng̃ caniyang tang̃an na capangyarihan,
at ang hahalili isang bata lamang
at siya rin naman ang magpaparaan.
Mg̃a calumbayan sabihin pa baga
di na lamang anhin manao ang hining̃a,
sa paca,t, ang gabi tantong malalim na
ay ang naisipan ang maglarga-vista.
Umaquiat sa torre at siya,i, nag-libang
at ang larga vista ang hauac sa camay,
ang mg̃a celajes ang pinagmamasdan
gayon din ang dagat mg̃a cabunducan.
Sa niling̃ap-ling̃ap nitong larga vista
ng̃ mg̃a pag ting̃in ng̃ caniyang matá,
nagcataon naman ang paglabas bagá
niyong encantadang si Doña María.
Pagcatanao niya sa gayong caningning
anaqui bathala ng̃ mg̃a bituin,
ang loob ng̃ hari ay sumuling-suling
at siya ay ualang matutuhang gauin.

Hosted by Google

Ang loob ng̃ Hari hindi magcatuto,
hindi magcahusay at parating guló,
ang lalong mabuti ng̃ayon ang gauin co
sa junta,i, sabihin ang lahat ng̃ ito.
Ano,i, ng̃ dumating ang quinabucasan
pagdaca,i, tinauag ang Privadong mahal,
utos co,i, ng̃ayon din at huag maliban
ang lahat ng̃ grandes dito,i, magcapisan.
Ang uica ng̃ Hari caya co aniya
na ipinatipon ay cayong lahat na,
isang panaguimpan puso co,i, binacla
halos na magdamag aco,i, binalisa.
Na dili umano,i, aco,i, hahalinhan
nitong aquing tang̃an na capangyarihan,
na ang hahalili isang bata lamang
aco rin ang siyang magbibigay daan.
Ang napanaguinip pag-anhin co caya
pagca,t, bung̃ang tulog bihirang tumama
ng̃ui,t, ang nagbigay ng̃ lalon gambala
yaong naquita co cagabing himala.
Sa bundoc ng̃ Nilo ay aquing natanao
ang isang daquila at cababalaghan,
cun itó,i, mátamo at aquing mácamtan
palad co sa mundo,i, pananaghilian.
Di co na mabatid ang bagay na ito
ang aquing naquitang sinabi sa inyo,
sucat ng̃ang sumira ng̃ bait ng̃ tauo
lalo sa mahinang loob sa banta co.
Ang bucod sa roon ang aquing namalas
na doon sa guitna ng̃ malaquing alab,
may isang Diosa doon ay lumabas
nagcacapang̃agao mandin ang liuanag.

Hosted by Google

Itó mangã mahal ang lalong gumulo-
siyang bumagabag ng̃ bait isip co
dili magcahusay potencia,t, sentido
cun di co tanghalin dito sa palacio.
Caya ang uica co sa inyo ay órden
ang utos co,i, huag niyong palibanin,
soldado,t, general gumayac na tambing
sampung bastamento,t, canilang cacanin.
Ano,i, ng̃ masabi ito at maturan
pauang nagsitindig yaong calahatan,
ó Sacramagestad Hari naming mahal
búhay po,t, salapí ang aming puhunan.
O Sacramagestad ang aming talaga
na idinaraing sa iyong Alteza,
sa acalang yaon lalong magaling pa
agauin sa Turco yaong *Casa Santa.*
Totoo po Hari uica ng̃ Privado
na tapat ang sagot ng̃ mg̃a Consejo,
sa pagca di lihim sa camahalan mo
ang layung lacarin na mangaling dito.
Hari di pagsuay ng̃ iyong vasallos
sa iyong acala na ini-uutos
ng̃uni,t, pag isipin ng̃ mahal mong loob
sa daa,i, pang̃anib ang mg̃a saldados.
Cun ipatuloy po uica ng̃ Privado
ó mahal na Hari ang bagay na ito,
armas at cacanin ng̃ tao,t, sustento
hidi cuculang̃in at damay sa iyo.
Ng̃uni,t, pag-isipin ng̃ mahal mong loob
sa acala mo po,i, cun cami sumunod,
segurong lipol na ang iyong vasallos
at na sa raan pa ito,i, ma-uubos.

Hosted by Google

Bucod pa saroon na macatatalo
ay sa pagdaraanan ay sigurong-siguro;
caramihang hayop bagsic na di ano
pauang mapupucsá ang mg̃a soldado.
Cun magcapalad man at talunin nila
macaligtas doo,i, ang daa,i, pang̃amba,
cun dumating doon hirap ay lalo pa
yaong babacahin Haring encantada.
Aling vasallos mong matigas sa bacal
ó maguing patalim ang boong catauan,
ang hindi mapucsá cataua,i, mapugnao
pagca,t, encantada ang macacalaban.
Ang mabuting gauin uica ng̃ Privado
cun mamagaliñgin ng̃ Hari,t, Consejo,
ng̃ayon din ilabas marali ang bando
sa loob at labás nitong ating reino.
Sabihin sa bando dito,i, magcapisan
ang bata,t, matanda nitong caharian,
saca ipahayag yaong cautusán
ang balang iyo pong maguing calooban.
Marang̃al na Hari na bunying Asuero
matuid ang sabi ng̃ iyong Privado,
na cun mapinsan na ang lahat ng̃ tauo
tayo po,i, mag-utos na magpanibago.
Cun gayon ang uica ng̃ Haring marang̃al
hayo,t, ipagbando sa loob at lual,
na tungcol lalaqui dito,i, magcapisan
sa loob ng̃ boo na siyam na arao.
Ang utos na ito,i, mariñgig ng̃ lahat
ay hindi naliban bando,i, inilacad,
sabihin ang guló na di hamac-hamac
ng̃ mg̃a lalaqui balang macamatiag.

Hosted by Google

Ang acala nila ay cun ano lamang
ang ipag-uutos ng̃ Haring marang̃al,
agad nagcatipon sa Palacio Real
at may dumaló pang taga ibang bayan.
Dito na ng̃a tambing na ipinahayag
importa ng̃ Hari caya nagpatauag,
sa matanda,t, bata,i, balang macatupad
may cacamtang premio bucod pa ang pilac.
Ang sino ma,t, alin mahal at hindi man
tungcól macasunód nitong cautusán,
ay isang Privado nitong caharian
bucod pa ang pilac bibiguian ng̃ dang̃al.
Alin man at sino balang macacuha
sa bundoc ng̃ Nilo sa cay doña María
at sa aquing harap ay maipaquita
ang aquing pang̃aco,i, cacamtan pagdaca.
Sa gayong cacapal at dami ng̃ tauo
ualang macasagot isa man ng̃ óo,
ang uacás na uica ng̃ hari ay ito
sa siyam na arao ay hinihintay co.
Ang nayaring utos atin munang lisan
ang ating hanapin ang macacagampan,
dito rin sa sacop nitong caharian
may isang Aldea dacong cabundúcan.
Sa lugar na yaon may isang mag-ina
ang ina,i, bauo na sa sintang asaua,
may anac na buctong na lalaquing isa
turan co ang ng̃alan ng̃ matanto nila.
Pang̃alang ng̃ ina ay si María Nieves
si Juan ang anac na de las Virtudes,
dapoua,t, sa tauo na nabucang bibig
cun tauaguin nila ay si Juan Pobres.

Hosted by Google

Na cung caya gayon ang naguing pamagat
sa pagca ang pobre anac ng̃ mahirap,
cun caya cumain pagdating ng̃ oras
cun datnan ng̃ aua balang may mahabag.
Dapoua,t, si Juan ay may devoto siya
sa mag-inang Vírgen sa hapo,t, umaga,
na bago manaog luluhod sa altá
at mananalangin sa Dios na Ama.
At bago magtuloy na maghanap buhay
ay papasoc muna siya sa Simbahan,
at cun ualang misa siyang maabutan
ay maninicluhod siya,i, magdarasal.
Bago pa lumibot magmamaca-aua
ang boong lansangan siyang guinagala,
dudulog sa bahay tauo po ang uica
yaring pobreng tauo ay limusan na ng̃a.
Ito ay ugali capagcaraca na
cun baga may pobre na maquita siya,
agad tatauagui,t, lilimusan niya
lalo cun salanta,t, hindi macaquita.
Doon sa caniyang pinagpalimusan
ang capua pobre pamamahaguinan,
balang macabatid lalo na cung mangmang
ay si Juan pobre ay tinatauanan.
Cundang̃an aniya ulól siya,t, baliu
ito ng̃ang si Juan gaua,i, di magaling,
siya nama,i, pobre na camuc-ha natin
pinagpalimusán ay inalilimós din.
Anang isa,t, isa,i, balang macaalam
tingnan mo cun hindi tila siya mangmang
pagmamaca-aua,i, hindi gayong lamang
at cung limusán mo,i, ililimós naman.

Hosted by Google

Ang málabi roon ang siyang dadalhin
sa harap ng̃ ina,i, agád ihahayin,
iña co aniya iyo pong damutin
ang gauad ng̃ Dios biyaya sa atin.
Sabihin pa bagá pagpapasalamat
sa mag-inang Vírgen sa sang maliuanag
bagá man po cami ay salát na salát
ganáp ang aua mo pagdating ng̃ oras.
At sa aua mo po ó Vírgeng maalam
aling labi,t, dila ang macapagsaysay,
dini sa lagay co sa aua mong bigay
bagcus lumalabis na di nagcuculang.
Manáng sa pagcain dalauang mag-ina
di co pag-aanhin dumulóg pagdaca,
ang isang matandang caliga-ligaya
biglang pinaupo sa cacanan nila.
Ng̃ macacain na ay napasalamat
ang matandá naman pagdaca,i, nang̃usap
ng̃ayon co natanto at aquing nabatiag
na ang loob mo ng̃a sa capoua,i, tapát.
Ang una,i, sa Dios ang iyong pagsinta
at sa capua tauo ay ang icalaua,
icao man ay pobre na para ng̃ ibá
ay sa capua mo ay nag lilimos ca.
Ang sagót ni Juan sa abáng matandá
di nagpapalalo cun caya guinauá,
sa pagca ang aquing bigay sa capua
ay sa aua rin po ng̃ Dios nagmulá.
Ang nasoc sa aquing munting catouiran
ang naturalezang aquing naalaman,
ang cauicaan co,i, para-parang caual
at pareparejong cami,i, maquinabang.

Hosted by Google

Pinagparonán po ng capós cong isip
ang naturaleza nitong magbubuquid,
cun hindi magtanim at sila,i, maghasic
tila uala rin po silang masasapit.
Anitóng matandá ay cun gayon Juan
ang paghahasic mo,i, iyong daragdagan,
cun tungcól sa Dios ang paghahalaman
sa huli ang tubo boong paquinabang.
Ay cun gayon bunsó aco ay paalam
ang bilin co lamang ay iyong tandaan,
at ang iyong ina,i, huag calimutan
ng mga pagsuyo sa gabi at arao.
Matanda,i, umalis at agad pumanao
di na napapiguil agad napaalam,
sabihin ang tua mag-inang iniuan
ayon sa sinabi,t, uicang binitiuan.
Aquing ipagbalic dito sa mag-ina
si Jua,i, bata man may carunungan na,
baga man at siya,i, tantong naulila
ay pinaturuan ng buháy ang amá.
At cun caya lamang na hindi mabatiag
mga carunungan sa Dios nagbuhat,
hangang sa namatáy ang amang nag-atas
nagpaturo baga bumasa ng sulat.
At ang bucód doon hangá ng mamatay
ang caniyang amang tunay na magulang,
baquit at salát na cun sa cayamanan
isa pang naragdág mahirap ang búhay.
Caya may dunong man ay para rin ualá
ang naca iimbi yaoong pagcaducha,
baquit ang isa pa siya,i, batang bata
di dapat umungpoc siya sa matandá.

Hosted by Google

Anopa,t, ang lagay siya,i, Peregrino
na lumabas masoc sa loob ng̃ reino,
at ito ang siyang tungcol na oficio
na magmaca-auá sa capua tauo.
Di co pag-aanhin ng̃ quinabucasan
itong matandá rin na aquin tinuran,
nag iba ng̃ anyó ang caniyang lagay
na parang may sugat ang boong catauan.
Hinarang si Juan sa isang esquina
ang uica,i, ganito magdalang auá ca,
dine sa lagay co baquit tanghali na
aco,i, nagugutom pacanin mo muna.
Ang uica ni Juan na ipinang̃usap
casabay ang luhang sa matá,i, nanatac,
dili caculang̃an ng̃ auá co,t, habag
na sa capua co pobreng tumatauag.
Itó po,i, hindi parang pagcacait
pagsasamang asal tauong lumalapit,
itó po,i, palad mo,t, talaga ng̃ lang̃it
aco po ay uala cahi,t, maravilis.
Pero gáyon man po huag cang manindim
at icao po ay cierto na ng̃ayo,i, cacain,
cun magtitiis cahi,t, cacaunting
pag tindig po tandá abatá sa amin.
Hindi baga tanto at na-aalaman
pagca Dios niyang macapangyarihan,
cun cayá nanaog sa tauo,i, bumagay
ayon sa pagsuboc sa abang cay Juan.
Dito na nagtindig at agad lumacad
ang abang matandá,i, nag papasalamat,
aniya,i, bunsu co na catoto,t, liyag
magtiis ca ng̃ayon cata,i, binagabag.

Hosted by Google

Ano,i, ng̃ dumating sa canilang bahay
ang tua,i, malaqui ng̃ ina ni Juan,
nag hain pagdaca cumain nagsabay
si Juan ang siyang nagsilbi sa dulang.
Ano,i, ng̃ matapos canilang pagcain
anitóng matandá Juan iyong dinguin,
ano bagá bunsó ang sabi at turing
di anhin sa reino Hari ay nag órden.
Oo ng̃a po tandá ang cay Juang sagót
ang Hari po rito ay may bagong utos,
dinaan sa bando at ipinalibot
sa labás at loob ng̃ caniyang sacop.
Sa resa ng̃ utos at lacad ng̃ bando
di anhi,i, sa lugar at bunduc ng̃ Nilo,
doon sa taluctoc ng̃ bundoc na ito
may alilang mutiá mang̃a encantado.
Siya pong natanao ng̃ Haring marang̃al
agád nagcataon sa cay Febong silang
siyang bumagabag sa sentidong tang̃an
cayá nagpalibot nitong cautusan.
Anitong matandá bunso,i, baquin baga
icao ay tumangui,t, hindi magprisinta,
segun sa pabando at bigay na resa
may hihinting bayád pag yao,i, nacuha.
Totoó po tandá yao,i, naring̃ig co
na ang macasunod ang cacamta,i, premio,
yaong mandirigmang datihan sa hocbo
ualang macaamin gaano pa aco.
Yaon ng̃a,i, totoó ang daa,i, mahirap
baquit cabunducan magtatauid dagat
ng̃uni,t, di na dapat daanin sa armas
capag ang cucuha,i, may magandang palad.

Hosted by Google

Cun ibig mo bunsó bucas ng̃ umaga
pasa palacio ca,t, tuloy magprisinta,
huag cang mang̃anib cototo co,t, sinta
saan man patung̃o aco ay casama.
At anoman doon sa iyo,i, hilin̄gin
huag cang tumangui at iyong aminin,
ang bilin co lamang huag lilimutin
itanim sa puso,t, tandaang magaling.
Ng̃ quinabucasan tambing ng̃ gumayac
na pagca-umaga siya ay lumacad,
at nagsimba muna baga man di dapat
humin̄gi ng̃ aua sa Dios na hayag.
Ang bagay na ito,i, hindi maalaman
ng̃ caniyang ina ang pinag-usapan,
at pagcatapos ng̃a misang sinimbahan
doon sa Palacio siya,i, nagtuluyan.
Ano,i, ng̃ dumating pinto ng̃ Palacio
ang uica sa bantay naroong soldado,
aco po,i, cun caya biglang naparito
ticang maglilingcod sa Haring poon co.
Sapagca ang utos na aquing nabasa
dito po sa bando palagay na resa,
caya naparito ay magpiprisinta
sa caniyang hiling aco ang cucuha.
Pauang nang̃amaang ang mg̃a soldado
sa lagay ni Juan pagca,t, batang tauo,
na gayong caraming guerrero sa reino
ay ualang nang̃ahas nacasunod dito.
Gayon ma,i, sinabi ng̃ soldadong bantay
sa mahal na Haring macapangyarihan,
ang uica ay cahi,t, yaon ay sinoman
ay papanhiquin mo,t, aquing hinihintay.

Hosted by Google

Ang batang si Juan ay pinapanhic na
doon sa Palacio ng̃ sumapit siya,
pagdaca,i, nagbigay ng̃ galang na sadia
sa harap ng̃ tanang mabunying Alteza.
Ang uica ng̃ Hari pagtinding vasallo
magsabi ca ng̃ayon cung anong ibig mo,
ang sagot ni Juan oh Haring poon co
pagtupad ng̃ utos cun caya naparito.
Cun gayon ang uica ng̃ Haring marang̃al
tangap ang salaping baunin sa raan,
cun iyong macuha pita co,t, ongal
ang aquing pang̃aco ay iyong cacamtan.
Pagdaca,i, tinauag yaong Secretario
ang uica ng̃ hari fianza ay gauin mo,
na sa otorgación ang ilalagay mo
cung masunod niya siya,i, magtatamo.
At ang aquing utos cun di mo matupad
iyang iyong buhay ang siyang magbayad,
at capagcatapos pinirmahang agad
ng̃ mahal na Hari,t, Conde sa Ciudad.
Ano,i, ng̃ matapos guinaua ang fianza
si Juan sa Hari ay napaalam na,
tatlong libong piso ang caniyáng dalá
talagang iiuan sustento sa ina.
Mana,i, ng̃ sumapit si Juan sa bahay
salapi sa ina,i, agad ibinigay,
tacot ng̃ matanda,i, hindi gayon lamang
baquit may soldado na casamang abay.
Ang uica ni Juan inang poon co
abót yaring pilac ng̃ayon ay dala co,
at ang aquing bilin sa iyo ina co
iyong pagcatloin ang salaping ito.

Hosted by Google

Ang sang-libong piso ibigay mo ina
sa mgã Simbahan. ay ipag-pamisa,
at itong sang-libo,i, ipag-limos niya
sa nagsisidulog na pobreng lahat na.
Ang sang-libong piso matira sa iyo
at maguing sustento hangang uala aco,
icao ang bahala ng̃ lahat ng̃ itó
ang capangyarihan yamang na sa iyo.
Aco po ina co,i, paalam na muna
paalam sa iyo cabuto cong ina
ang pabaon mo po,i, dadalhing sandata
at ng̃ macaligtas sa madlang pangamba.
Dito na lumuhod ang abang si Juan
àt ang hingí niya siya,i, bendicionan,
itong pobreng iná sabihin ang lumbay
dahilan sa anác aalis papanao.
Dito na binuhat ang camay ng̃ iná
yamang mapilit cang bendicionan quita,
sa pangalan ng̃ Dios na amá
Anác, Espiritú Santo ay pagpalain ca.
Sila bagang tatlo hayag na Personas
ang sa iyo bunsó sa daa,i, mag-ingat,
patnubayan ca rin sa lahat ng̃ oras
sa daraanan mo,i, ng̃ di mapahamac.
Ano,i, ng̃ matapos na mabendicionan
nagtindig na agad ang abang si Juan,
at capagcaraca,i, binalot na naman
yaong babaunin na limang tinapay.
At nalis na siya sabihin ang tulin
at yaong matanda,i, siyang hahanapin
sa paa ng̃ bundoc siya ay humimpil
ang matandá nama,i, caguiat sa darating.

Hosted by Google

Anitóng matandá ay ngãyon ca lamang
anó ang dalá mong sandata sa camay,
ang sagót ni Juan uala pong anó man
cun dí ang bendición ng̃ aquing magulang.
At bucod sa roon tuloy ilinangcap
yaong cabagsican ng̃ tatlong Personas,
pag sampalataya co,i, dili hamac hamac
at maguing baluti sa aquing pag-lacad.
Cun gayon abata bunsó co at irog
at salung̃ahin ta taluctoc ng̃ bundoc,
sa calahatian halos di maabot
matandá ay nang̃usap cay Juang alindog.
Mag hintay ca muna bunsó co at liag
Juan ay dinguin mo ang aquing pahayag,
sa pagca,t, batid mo at iyong talastas
yaring̃ catauan co,i, nadumog sa hirap.
Yayamang bunsó co batid mo at talos
catauan,i, may sugat caloob ng̃ Dios,
ibig co man bunsong sa iyo,i, mag lincod
di co macayanan paá co,i, iquilos.
Di co sana ibig bungsong mahiualay
anong gagauin co di co macayanan,
hindi maisampa ang aquing catauan
dahil sa may sugat ang paá co,t, camay.
Ng̃uni,t, cong aco ma,i, hindi macasama
sa paroroonan mo na ating talagá,
abot ang panyo cong balabal na dalá
at ang pagdamay co,i, iyong maquiquita.
Datapoua,t, ang puso mo,i, huag babauahan
ng̃ mg̃a pagsinta sa Dios na mahal,
pag sampalataya,i, lalong pagtibayan
sa bagsic ng̃ Dios at Vírgeng marang̃al.

Hosted by Google

At bucod dito ay cun sumapit ca
taluctoc ng̃ bundoc laan at talaga,
ang unang gamitin sa ngalan ng̃ Ama
Anác, Espirítu Santong mapag-adya.
Cung matapos yaon na maipahayag
ang pañong bigay co tambing na ilatag,
ng̃ di ca maghirap ng̃ iyong pag lacad
diyan ay dudulog ang hayop na lahat.
Yaong mg̃a tupa at mg̃a burrico
cabayo,t, iba pang hayop mg̃a asno,
ito,i, para-parang malacas tumacbo
ang siyang lalapit dudulog sa iyo.
Pauang matatabá nang̃ag linoc-linoc
ang mg̃a catauan ay bibilog-bilog,
cahi,t, pahuli man sa iyo,i, dumulog
huag marahuyó na icao,i, dumampot.
Cun cahima,t, yao,i, matabá cun tingnan
ay pauang mahina di ca itatagal,
ang iyong dadacpin cahulihulihan
dudulug sa iyo yayát ang catauan.
Yaon ang siya mong hulihin pagdaca
saan man patung̃o ay itatagal ca,
at yaong ang siya na macacucuha
sa ninanasa mo pacay na talaga.
Caya ang bilin co ay iyong tandaan
at huag mo bunsó na malilimutan
at capagca hindi siya mong sinaquian
hindi ca sasapit sa iyong parurunan.
Dito na ng̃a tambing nag hiualay sila
si Jua,i, nagtuloy na umaquiat siya,
capagdating doon sinunod pagdaca
bilin ng̃ matandang caniyang casama.

Hosted by Google

Siya ay nagtindig agad inilatag
ang pañong padala doon sa paglacad,
dito na natanto niya,t, natalastas
bilin ng̃ matanda ay totoong lahat.
Mana,i, pagcalatag tambing nagsidulog
yaong cacapalan ng̃ lahat ng̃ hayop,
cabayo at mula sacdal ng̃ bibilog
sampo ng̃ borrico,t, macapal na asnos.
Sa caniyang isip na sarili baga
ang hayop na yaon ay malalacas na,
dang̃an naguing bilin matandang casama
ang alin man doon ay hinuli niya.
Ng̃ magagabi ng̃ magtataquip silim
na nag papang̃agao liuanag at dilim,
siya ng̃ pag sipot at agad dumating
ang isang cabayo na papaling-paling.
Ang cabayong ito ay yayát na yayát
baquit matanda na,i, lipós pa ng̃ sugat,
ang uica ni Juan diua,i, pang-lilibac
ng̃ matandang yaon sa aba cong palad.
Ano,t, di mag uica ang palad cong linsil
sa aquing nasapit ng̃ayon at narating
ay cun sa mataba,i, aayao padacpin
saca itong yayát ang siyang cucunin.
Cundang̃an ang ito parang balintuna
diua,i, aglahi sa aquin ni tandá
cunin co ang yayát at baquit salantá
at daig dao nito yaong matatabá.
Gayon man ay siya,i, nag inot sumacay
sa cabayong yaon na hahapay-hapay,
pag iing̃at niya hindi ano lamang
bacá sa pag lacad ito ay mabual.

Hosted by Google

Ano pa,t, nagtuloy siya ng̃ paglacad
ang nataos nila,i, malauac na gubat,
aba co Dios co ang ipinang̃usap
ang aua mo,t, tulong sa aqui,i, igauad.
Ang gubat na yaon ay ng̃ malampasan
may naquita silang malauac na parang,
dito na nang̃usap cabayong sinaquian
ano ang baon mong cacaning narian.
Natiguil si Juan at tantong namangha
dito sa cabayo ng̃ayon ay nag-uica,
sa ng̃alan ng̃ Dios magsabi cang bigla
cun icao ay tauo ó hayop ca caya.
Sagot ng̃ cabayo sa abang cay Juan
ng̃ iyong matanto ng̃ayo,t, maalaman,
cun quita,i, mangaling sa sadia at pacay
saca co sabihin sa iyo at turan.
Itong daraanan tang iyong nasisilip
cahi,t, ang ting̃in mo,i, burol mg̃a yung̃ib,
yao,i, hindi bundoc langam at cuitib
sa ating dalaua ay magpapasaquit.
Cun ating masagui tayo,i, mamamatay
na ualang pagsala cundi mo bibigyan,
ay ng̃ macacain na icabubuhay
ng̃ sila,i, sumabog cumalat sa parang.
Ang cay Juang sagot na sabi,t, pahayag
ay tauo ca mandin cun icao,i, mang̃usap
ibig cong matanto at aquing matatap
ang Dios ng̃a,i, siyang̃ marunong sa lahat.
Doon sa uica mo na aco,i, maghain
sa langam at cuitib canilang cacanin,
cun hindi sa Dios na camay mangaling
aco ay saan mo ng̃ayon pacucunin.

Hosted by Google

Anitong cabayo na ipinagbadia
di bagá may paño na daladala ca,
yaón bagá Juan ay magcuculang pa
na may mga virtud at pauang alfombra.
Ang balang gustó mo at iyong ibiguin
ay sa pañong iya,i, pauang mangagaling,
maguing pilac guinto na sustento natin
ay pauang lalabas cun iyong hilingin.
Ano pa nga,t, tambing canilang tinicman
ang pañong may virtud sa matanda,i, bigay,
pagdaca,i, lumabás ang hingi ni Juan
na ipacacain sa cuitib at langam.
Pagcauica niya ay agad sumipot
ang isosostento sa langam na hayop,
capagdaca,i, tambing langam ay sumabog
ang cacaning bigay ang siyang pinulot.
Ang pinuno nila siyang sinusundan
na pinaca hari nilang tinuturan,
ay agad dumulog lumapit cay Juan
at siya,i, gumanti ng macacayanan.
Guinoo aniya ang sabi,t, pahayag
sa aua mo ngayon anong ibabayad,
yaring nacayanan namin po ay tangap
at mag utos ca po sa anomang oras.
Ano panga,i, tambing nagtuloy na sila
sa canilang sadia,t, mga tinitica,
ang alin mang hayop masumpungan nila
agad nagbibigay cacaning bala na.
Ang alin mang hayop nilang maraanan
bibiguian pagdaca ng cacaning tanan,
at ang hari nila,i, lalapit cay Juan
at sila,i, gaganti ng canilang utang.

Hosted by Google

Di co pag-aanhin ng̃ sumapit sila
sa ilog ng̃ Nilo malapit-lapit na,
sila,i, nacaraan ng̃ bundoc na isa
na lalong panganib sa nadaanang una.
Sa pinaca plaza ng̃ cataluctucan
sa bundoc na yaong canilang natanao,
sari-saring ibon ang nagcacapisan
may nag sisitayo,t, may nagliliparan.
Nagsilapit na ng̃a at sumasalubong
ang mg̃a avestros sari-saring ibon,
serpiente gubardilla canario,i, naroon
galarpin at nibles laquitarra,t, arcon.
Cayá po anaquin ay maglagay ca na
ng̃ isang mariquit na haying lamesa,
ang isa sa rito,i, magpalabas ca pa
niyong dadapoan cahoy na lahat na.
Na isang macetas na iba ang lagay
sa tingcad at lustre iba ang laman,
ay siyang pag dulog niyong ibong tanan
tica,i, tatapusin ang caniyang buhay.
May banta man sila loob ay tumiguil
ng̃ maquita nila ang magandang hain,
ang iba,i, nagbalic at sila,i, nagturing
at ibinalita ang mg̃a cacanin.
Dito ng̃a sila tambing na lumipad
sabihin ang ugong ng̃ bucdoc at gubat,
sa harapan niya ay biglang lumagpac
isang haring aguila,i, galing sa itaas.
Paglapag ng̃ lupa,i, agad nagcatipon
ang tanang vasallos at caniyang campon,
pauang nagsiyucod sila,i, sumalubong
sa canilang haring pinapang̃inoon.

Hosted by Google

Dito na dumulog ang haring águila
ang conviteng yaon pinagmasdan niya,
pauang nagtaca ang ibong lahat na
sa diquit at buti ng̃ pagca lamesa.
Dumulóg na muli lumapit pagdaca
dito cay Juan ang haring Aguila,
tatlong balahibo,i, ibinigáy niya
at saca nag-uica ganitó ang badya.
Cundang̃an ang icao ay magandang palad
at hinulugan ca magandang planetas,
sa bundoc na ito,i, nang̃ahas lumacad
ay ang hayop dito,i, mabang̃is na lahat.
Cun icao,i, patain at pagsil-in nila
anong naisipan mo,t, dito,i, gumala ca,
cun di man sa amin sa hayop na ibá
na nagsisigala na apat ang paá.
At ng̃ayon po naman ang camahalan mo
ay baca may sadia dini sa lagay co,
mag-utos D. Juan ng̃ macacaya co
aco,t, ang campón co,i, susunód sa iyo
Ang bálahibo cong sa iyo ay bigay
iyo pong itago,t, iyong pag-ing̃atan,
cun may ministi ca cailan mang arao
ang isa,i, sunuguin at ipailandáng,
Iyong ipadalá sa bilís ng̃ hang̃in
cahi,t, malayo man darating sa acquin,
cami namang yari sa iyo,i, darating
maguing cabayarán loob mong magaling.
Dito na ng̃a sila nagtuloy lumacad
ang pinuntá nila,i, malauac na dagat,
anitong cabayo Juan ay pag-ing̃at
sa iyong pagtang̃an baca ca malaglag.

Hosted by Google

Magpacatibay ca pagtangan aniya
diyan sa quilíng co,i, tambing humauac ca,
at capagcaraca ipiquit ang matá
hangang di huminto,i, huag dumilat ca.
Agad ng̃ lumucsó ang cabayong payát
tulin ng̃ haguibis anaqui may pacpac,
di nagquisap matá natauid ang dagat
sa tabing aplaya ibayo,i, lumapág.
Anitong cabayo ay magpalabás ca
ng̃ isang mariquit na freno at silla,
ang bucód sa rito tayo,i, maglamesa
at quitang dalaua ay cumain muna.
Dito na sumipót at agad lumabás
ang silla at freno guinto manding uagás,
na may mg̃a tampóc mutiang maniningas
dito sa sangmundo,i, ualang macatulad.
At gayon din naman ang sadiang lamesa
mg̃a sari-sari na cacanin nila,
at ang nagsisilbi ay apat na dama
na di mátitigan cun tingnan ng̃ mata.
Dito na ng̃a sila tambing na cumain
saca ng̃ matapos ay naualang tambing,
anitong cabayo aco,i, dito hintin
antabayanan mo ang aquing pagdating.
At ang hayop dito,i, pauang mababang̃is
mahang̃a,i, tumago,t, icao ay lumigpit,
icao ay magsoot sa buntón ng̃ yaguit
dumoon ca muna hangang di magbalic.
Hindi malalaon babalic pagdaca
dito ay daraan aco,i, sasaguila,
pagdaan co rito,i, agad humauac ca
dini sa buntot co,i, huag bumitao ca.

Hosted by Google

At saca nag uica Juan ay paalam
at aco,i, ngayon din haharap na tunay,
cay Doña María Flora Blancang mahal
ngayon din dalá co hindi maliliban.
At capagcaraca ay lumucsóng agad
ang camuc-ha,i, hangin ang pagpaitaas,
ang silla,t, cabayo nagca-isang tingcad
lalo cun tamaan sa arao na ningas.
Mana,i, ng sumapit mariquit na jardin
cabayo,i, huminto at nagpacagaling,
si Doña María ay nagulat mandin
pagdaca,i, nanaog at tiningnang tambing.
Sa malaquing galit na lubhang marahás
ito,i, nanaghoy na at saca nangusap,
sino caya,t, alin na lubhang pangahás
dito sa jardin co pumasoc at sucat.
Di na nag-acala ng muntin pitagan
pumasoc at sucat na di napaalam,
sa guinala-gala,i, ualang masumpungan
siyang pagcaquita sa cabayong hirang.
Mabuti aniya,t, dito ay narito
ngayon ay naiuan caniyang cabayo,
ano,i, ng maquita ang lagay at estado
ang may ari nito,i, alin caya,t sino.
Cabayo,i, iniuan at ang hinanap din
ang may ari nitong nagdala sa jardin,
ng ualang maquita,i, nasoc sa panimdim
ang cabayo,i, siyang parona,t, hulihin.
Cun cahima,t, icao ngayo,i, canino man
ang panginoon mo,i, hindi co matingnan,
sa guinaua niyang calapastanganan
sa aquing laguerta,i, iyong babayaran.

Hosted by Google

Quita,i, sasaquian anomang masapit
ang pangĩnoon mo,i, ng̃ aquing mabatid,
pag anyong sasacay cabayo,i, pipilig
siya naman,i, tantong malayo,t, málapit.
Ng̃ nagpipilit din siya ng̃ pagsacay
cabayo nag-uica at agad nagsaysay,
icao po aniya ay magpacarahan
at ang pagsacay mo baga,i, pasasaan.
Ang uica co baga sa iyo at sulit
cahi,t, ang tingin mo,i, hayop na bulisic,
ng̃uni,t, magnilay ca at icao,i, mag-isip
sa lagay co,t, anyo sampong pananamit.
Cun magpipilit ca na ibig sumacay
dini sa lagay co,i, may nasang lumulan,
icao ay magbihis at aco,i, bagayan
at ng̃ matanto mo ang anyo mo,t, lagay.
Si Doña María tantong nanguilalás
dito sa cabayo,i, dunong na mangusap,
pagdaca,i, pumanhic at nagbihis agád
nagsuot ng̃ lalong mariquit na hiyas.
Ng̃ macapagsuot ng̃ mabuting damit
singsing na may virtud ang siyang guinamit,
isinuot niya at sacá nagbalic
doon sa cabayong dunong na magsulit.
Mana,i, ng̃ dumating cabayo,i, nangusap
ó Doña María icao,i, maquimatiyag,
aco,i, sugo,t, utos ng̃ Dios na hayag
na pinaparito sa Langit nagbuhat.
Ang biling sa aquin icao,i, paglingcoran
at maguing parati na iyong sasaquian,
saan man paroon quita,i, sasamahan
at minahiguit ca sa Aguila Real.

Hosted by Google

At ang catunayan ang utos sa aquin
cahiman at saan ang ibig mong datnin,
aco,i, mamintuho,t, huag cang suain
saan man ang ibig quita ay dadalhin.
At sa pagca ngãyon nagagayac ca na
saan man ang gusto ngãyo,i, paroon ca,
cun ibig mo ngãyon na iyong maquita
ang tinatahanan ng̃ ibong Aguila.
Cay Doña María na sagot ay oó
laong ninasang ibig na maquita co,
cun gayon ang sagot naman ng̃ cabayo
ngãyon din aniya ay maquiquita mo.
Sa primer nubel doon nagtatahan
cayá ang uica co sa iyong carictán,
sing-sing na soot mo,i, alisin sa camay
dini sa bibig co ay iyong ilagay.
Cun cayá co uica sa buti mo at diquit
ang singsing na iyan dadalhin sa bibig,
cun cahit saan man quita,i, macasapit
dini sa bibig co,i, hindi ma-aalis.
Binunot ang singsing sa daliri niya
agád isininubo sa cabayong sadia,
sumacay na agad nagpatacbó siya
icao ay umupong magaling aniya.
Si Doña María ay nagpacatimbáng
sa silla,i, umupo,t, tumangang matibay,
cabayo,i, lumucsó at nagpailandáng
at doon nagtulóy dinaanan si Juan.
Ng̃ anyong darating sa lupa,t, lalagpac
anitong cabayo Juan ay pagbuhat,
na capag saguila,i, sa buntot humauac
at saca nagbago ng̃ pagpaitaas.

Hosted by Google

Ano,i, ng̃ dumating sa ibayo bagá
sa ilog ng̃ Nilo na tinauid nila,
doon ibinabá si Doña María
at sampo ni Juang pang̃inoon nila.
Sila ay huminto at nagpahing̃alay
cabayo,i, nang̃usap abá ng̃ayon Juan,
ano caya,t, ng̃ayon dimo palabasán
na cacani,t, sillang inyong mauupan.
Dito nagpalabas ng̃ isang lamesa
sa sadiang cacanin ang maibig nila,
at lumitao naman ang dalauang silla
na sadiang uupán ng̃ piniguíng nila.
Doon sa pagcain cag-yat sa lalabás
ang anim na damang sacdal ng̃ dirilag,
na siyang nagsilbí doo,i, umalagád
may mg̃a tang̃an pang taglay na bulac-lac.
At ng̃ maibigay singsing ay quinuha
dito na nang̃usap si Doña María, —
Juan, ang tanóng co,i, anóng bagay bagá
nagsadiá ca rito at aco,i, quinuha.
Anó bagá tabi ang pagsasadiá mo
galing sa sariling nucál sa puso mo,
ó bacá mayroong nag-utos sa iyò
dahilán sa upa at bigáy na premio.
Anitong cabayo dito sa cay Juan
huag cang sumagot ng̃ anoman laman,
alalahanin mo itong ating pagal
at ang puhunan mo nito,i, camatayan,
Si Doña María ay naghihinagpis
sa hindi pagsagót ni Jua,t, pag-imíc
at ina-abang̃áng siya ay maidlip
gayon man,i, nagbatá at cusang nagtiis.

Hosted by Google

Ang uica,t, paraya ni Doña María
ó Juan ay baquit di ca magpahingá,
gayong pagod puyat na dinaanan ta
icao,i, sumandali na humilig muna.
Hindi rin cumibó ang abáng si Juan
anomang sabihin sa caniya,i, turan,
pagcalingat niya,i, baca marayaan
si Doña María úmalís magtanan.
Nangusap na muli si Doña María
aco bagá caya ngayo,i, cangino pa
sino mang may utos huag ng umasa
ang pacasál ngayon ay quitang dalaua.
Manáng sa cabayo ito,i, mapagmasdán
ang lagay at anyo ng abang si Juan,
pagdaca,i, tumauag gumayac ná tunay
ng tayo ay hindi lubhang nababalam.
Si Jua,i, nagtindíg sa upuan silla
at saca tinauag si Doña María,
ang cabayo naman dumulog pagdaca
at saca nag-uicang samacay na silá.
Si Doña María malaqui ang lumbay
ang ibig din niya siya,i, macatanan,
di naman mangyari na mapagdayaan
singsing ay macuha sa abang cay Juan.
Cabayo,i, lumacad sabihin ang tulin
at napacacandong sa bilis ng hangin,
ng mahating gabi siya ng pagdating
sa palacio bagá ng Haring nag-órden.
Ano,i, ng dumating cabayong sinaquian
tapát ng Castillo at Palacio Real
anitóng cabayo dito sa cay Juan
mita ca ng bahay na matutuluyan.

Hosted by Google

Sapagca ang gabi tantong malalim na
pintó ng̃ Castillo segurong may sará,
cumita ng̃ bahay matuluyan muna
macapag pahing̃á hangáng maumaga.
Cay Doña Mariang isinagót naman
ay ualá ca bagá na sariling báhay,
ano,t, icao caya ay manunuluyan
mayroon cang sucat ouiang magulang.
Anitóng cabayo oó ng̃a aniya
ng̃ayon ay magaling na cayo,i, magquita,
ng̃ di alapaap ang mahal mong iná
di malaquing tua,t, cayo,i, dumating na.
Sumacáy na mulí at sila,i, lumacad
capagdating doon si Jua,i, tumauag,
sabihin ang tulin iná ng̃ pag labás
ayon sa naring̃ig ang voces ng̃ anac.
Sabihin ang touá ng̃ sila,i, dumating
sapagca,t, ang ina,i, dinatnáng magaling,
at ang iná namán cay Jua,i, gayon din
pagpapasalamat di sucat sabihin.
Sa malaquing touá canilang quinamtán
nitong nagsidating sampo ng̃ dinatnan,
si Doña María ng̃ manhic sa bahay
ay tantong nagtacá ang iná ni Juan.
Na dapat ng̃a palá loob ay maguló
sucat ligaliguin itong boong Reino,
cun áco,i, babayi loob co,i, lumucsó
sa gandá at quias ng̃ dalagang itó.
At itong cabayo ay ng̃ mahubarán
ng̃ silla at freno daláng casangcapan,
pagdaca,i, nang̃usap ito at nagsaysay
ay aco sa iyo muna ay paalam.

Hosted by Google

Aco,i, magbabalic bucas nang umaga
aco,i, paririto,t, susundoin quitá,
doon sa Palacio icao,i, magprisinta
sa mahal na Hari ay maquipagquita.
Dapua,t, ang aquin na bilin sa iyo
bacá ca mahimbing niyang pagtulog mo,
ó mahicayat ca sa sabi,t, regalo
ang iyong lingonin Juan ang búhay mo.
Ng̃ maacalis na cabayo,i, pumanao
si Jua,i, nangusap at nuling nagsaysay,
cami po sa iyo ay cahalay-halay
at nacapanhic ca sa punít na bahay.
Ang bagay na iyan ay hindi co nasa
maguing guinto,t, pilac pauang mg̃a mutiá,
ng̃ayon ang tanong co at inuusisa
iyong ipahayag huag magcailá.
Na cun anóng dahil bagá sa diquit mo
icao ay nagsadia,t, pinaronán acó,
ng̃ayon mo sabihin cun galing sa iyo
ó cun inupahan ng̃ alin ma,t, sino.
Huag cang maglihim at sa aqui,i, turan
yayang aco ng̃ayon ay iyo ng̃ tunay,
at quitang dalauá ng̃ayon ay pacasál
cahit anong hirap ating pagdamayan.
Caya magsabi ca,t, huag cang maglihim
ang pagcatotoo ang banda co,i, cunin,
at yaring tusón co ay iyong abutin
at ang aquing uri dito mo quilanlin.
Inabót ni Juan ang tusón at banda
na gauad at alay ni Doña María,
tulóy ining̃atan itinago niya
at sacá sinabi ang casong lahat na.

Hosted by Google

O Doña María ay iyong paquingan
ang tanong mo,i, tapat at di nasisinsay,
aco nga pong yarí inutusan lamang
ng̃ mahal na haring aming tinatanghal.
At bucod sa pilac ang pang̃aco niya
may premio pang bucod na ito,i, casama,
dapua,t, cun hindi quita ay macuha
ang macacapalit ang aquing hiniṅgá.
Yari sa fianza pinagpirmahanan
at aco,i, nanumpá sa harap ng̃ tanán,
pag di co nacuha ang iyong carictán
ay ang magdurusa yaring aquing buhay.
Cundang̃an ang tantong sa Dios talagá
ang siang nagtangól sa aqui,i, nag-adiya,
yaong pong matanda sa aqui,i, nagsama
ang bigay sa aquin itong paño niya.
Ibinigay niya,t, sa aqui,i, iguinauad
at sa pagca siya,i, hindi macalacad,
aco namang yari ay nagdalang habág
baquit matanda na,i, lipos pa ng̃ sugat.
Ito,i, bigay niya aquin dao ing̃atan
capagnasapit co yaong cataasan,
ay ilatag co rao sa guitná ng̃ parang
at magsisilapit ang hayop na tanán.
Lalapit dao rito ang lahat ng̃ hayop
pauang matataba,t, nang̃agbilog-bilog,
nang̃ag papang̃agao ng̃ mg̃a pag-dulóg
huag mabalinong humuli,t, dumampot.
Cun hindi aniya ang hulí sa lahat
ang siya cong dacpin saquian sa pag-lacad,
ng̃ aquing maquita aco ay nahabág
baquit matanda na,i, yayat at may sugat.

Hosted by Google

Ito ñga po,i, siya na aquing sinaquian
at siya po lamang sa aqui,i, nag tagal,
sa gayong caraming peligrong dinaanan
lalo na sa león at tigreng matapang.
Ano pa nga,t, cami pauang nacaligtás
sa nagsisigapang sampong lumilipad,
ay para-para rin gumanti,t, nagbayad
sa naquita nilang handóg nami,t, gauad.
Ito,i, para-parang sa aqui,i, nagbigay
ng canilang sang-lá na palatandaan,
cahuli-hulihan ang Aguila Real
tatlong balahibo sa aqui,i, iniuan.
At yaon ang siya na pag tauid namin
doon sa aplaya cami ay tumiguil,
cabayo,i, nagbihis na nagpacagaling
at bago nagtuloy sa mahal mong jardin.
Siyang pangungusap ni Doña María
ay sucat nga palang dito,i, dumating ca,
cun dito sa Reino mandin ay uala na
tutulad sa iyong palad na magandá.
Cun gayon nga pala ang iyong hinangad
ang icao,i, panganlang sagana sa pilac,
hindi po sa gayon, ayon sa pagtupád
sa cabutóng ina na ating caharap.
Ang bagay na yaon sundin co dili man
ang Hari nangaco sa imbi cong lagay,
sucat na sa amin ang caniyang bigay
tatlong libong piso pabaon sa raan.
At yaon po caya bagá ay hamac pa
capalarang ito ay ibinigay niya,
ng matandang yaon na aquing casama
nag utos sa aquin aco,i, mag prisinta.

Hosted by Google

Yaon nga po,i, aua ng̃ Dios na mahal
nag hatid sa aquin sa Palacio Real,
ng̃ayon po ay quita muna ay iiuan
at hahanapin co ang matandang abay.
Ang sagót at uica ni Doña María
sa aqui,i, di huli aco,i, maguing Reina,
dito baga Juan siyang ugali na
cun ibig mag Reina,i, mag laco ng̃ onra.
Yamang ang loob mo,i, sa Dios parati
sa lahat ng̃ oras napacacandili,
tibayan ang puso ng̃ sintang parati
at sa aua niya ay tayo,i, pacasi.
Siguro aniyang icao tatauaguin
at sa capisanan ay pahaharapin,
ano mang iutos sa iyo at hing̃in
huag cang tumangui;t, silá,i, iyóng sundin.
Diua,i, palad mo na at ito,i, signos co
at sa daang landás doon ca natuto,
cun narahuyo ca sa hicayat co
ang Hari mo;t, icao ay hindi nagtamo.
At cun yaong singsing iyong ibinigáy
ng̃ hinihing̃i co sa iyo sa daan,
cundang̃an ang aco ay napaglalang̃an
ng̃ iyong cabayong marunong magsaysáy.
Di co pag-áanhin ay ng̃ maumaga
cabayo ni Juan caguiat dumating na,
sa mahal na Hari icao ay paquita
at iyong sabihin si Doña María.
Sa cabayo niya ay agád sumacáy
doon sa palacio siya,i, nagtuluyan,
capagdating doon sa soldadong bantay
agád nagpasabi sa Haring marang̃al.

Hosted by Google

Nagsabi pagdaca, bantáy na soldado
sa mahal na Haring bunying Asuero,
ngãyon po,i, dumating ang inutusan mo
na pinaparoon sa bundóc ng̃ Nilo.
Ang uica ng̃ Hari iyóng papanhiquin
dito sa palacio ay aquing hihintín,
soldado,i, nanaog at sinabing tambing
mag-tuloy po siya ang sa Haring órden.
Nagtuloy pumanhic ang abang si Juan
at doon sa salas siya,i, nagtuluyan,
pagdating sa harap niyong capisanan
ay agad nagbigay ng̃ puspós na galang.
Ang uica ng̃ Hari pagtindig vasallo
at iyong sabihin bagay ng̃ lacad mo,
ó Sacramajestad at Haring poon co
narian po,t, aquing oui ang utos mo.
Ng̃ cami,i, dumating ay hating gabi na
pintó ng̃ Castillo may llave,t, may sará,
aquing itinuloy dinalá sa villa
sa cubo cong munti nagdalitá siyá.
At sa iná co pó ay aquin iniuan
aco,i, naparitó sa iyong harapán,
ang casagutan mo,i, aquing hinihintay
cun cacaonin pó ng̃ iyong calac-han.
Ang uica ng̃ Hari ngãyon din aniyá
cami,i, paroroon cacaonin siya,
ang lahát ng̃ grandes ipinatauag na
doon sa palacio nagcatipon silá.
Ang mg̃a soldado ay gayóndin namán
boong batallones doon nagcapisan,
ang purlón ng̃ Hari ay pinagayacán
cay Doña María na paglululanan.

Hosted by Google

Ang boong castillo sampuo ng̃ muralla
ay pinatabing̃an ng̃ damascong pulá,
mg̃a colgaduras na iba,t, ibá pá
na catouâ-touâ cun tingnan ng̃ matá.
At gayon din namán ang mg̃a lansang̃an
ang loob ng̃ Reino ay pinalatagan,
ang mg̃a bintana ay pinatabing̃an
ng̃ mg̃a portales ibá,t, ibáng culay.
Anó pá at ualá sucat na mauicâ
sa guilas ng̃ Hari na ipinacanâ,
ang purlong sasaquian ay guintong mistulâ-
ang rueda at planza ay pilac na pauâ.
Ang dalauang purlon siyang caagapay
na may mg̃a Dama na nagsisilulan,
cay Doña Maríang pagbibigay galang
ng̃ boong sang Reino na nasasacupan.
Ang mahal na Hari sampuo ng̃ consejo
pauang nagsisacáy sila sa cabayo,
at nang̃ag tugtugan ang mg̃a músico
sabáy sa pag-lacad parang ejército.
Lahat ng̃ cañones pinasusuhan na
sa boong Castillo at mg̃a muralla,
na nag-eescuadron ang lahat ng̃ tropa
dito sa pagcaon cay Doña María.
Ang pobreng si Juan siyang nang̃ung̃una
payat ang cabayong sinasaquian niya,
mistulang alipin ang siyang capara
dahilan sa anyo ibá sa lahat na.
Ano,i, ng̃ dumating ang Haring marang̃al
si Doña María,i, agad tinauagan,
mahal na altezang nagbigay ligamgam
dung̃auin ang lingcod mata mo,i, isilay.

Hosted by Google

Pagbabatá mo pó puso co,i, may sáquit
ng̃ pagcatirá mo sa bahay na punit,
di ucol sa iyo ang lagay ng̃ buquid
alang̃ang di hamac sa iyong quilatis.
Dung̃ao aco dung̃ao ng̃ rubing matá mo
at aco ang Haring nanaghoy sa iyo,
poong sinusunod ang ng̃ala,i, Asuero
nanamimintuho sa camahalan mo.
Dito na nanung̃ao si Doña María
doon sa bintana,i, nag uica pagdaca,
ó mahal na Hari aco,i, gasino na
caliligayahan ng̃ carictan niya.
Mana,i, sa pagdung̃ao nagcataon naman
ang tingcad at ning̃as ng̃ sicat ng̃ arao,
ang tauo,i, nag tung̃o hindi matitigan
dahilan sa quináng ng̃ batóng alfopar.
At saca tumauag si Doña María
maghanda ca Juan ng̃ isang lamesa,
músico,i, tumugtog sarisaring cantá,
ng̃uni,t, hindi lamang nila naquiquita.
Anim namang Dama ang nang̃ag hahain
na di matitigan at nacaduduling,
ang mahal na hari ay napapatiguil
na siya ay ualang itulac cabiguin.
Ang lahat ng̃ tauo,i, nang̃apapamaang
sa naquita nila na cababalaghan,
saca ng̃ matapos naualang paminsan
ang damat músico nilang napaquingan.
Ito ang uinica ni Doña María
ó mahal na Hari magpapatauad ca,
at sampo ng̃ iyong abay na casama
na niligalig mo at napagál sila.

Hosted by Google

O mahal na Hari bantog na Asuero
iyong pag-isipin ang bagay na ito,
munting cahalayan itong narating co
na iyong guinauá guinuló ang Reino.
Di ang daláng cutia,t, manga cahihiyan
ay nagsisapit na sa aquing catauan,
gaano nga aco ngayo,i, umagapay
sumama sa inyo sa palacio real.
Ang sagot ng Hari ó Doña María
ito,i, adhicá co at aquing talaga,
at capagdating mo ay puputungan ca
Reinang quiquilanlin sacop cong lahat na.
O Haring monarca tugon co ay salamat
sa pa-onra mo po cahi,t, hindi dapat
pilac man at guinto di sucat ihiyas
cun ang hihiasan hindi mararapat.
Cun gayon ang uica ng Haring masigla
mahal na alteza tayo,i, tanghali na
magdálita ca pó biguian mo ng onra
sa aquing palacio icao ay sumama.
Oó pó aniya Hari cong marangal
gasino na acong di ma-anyayahan,
tumauag pagdaca nasaan ca Juan
ano,t, di pa handa ang aquing sasaquian.
Ang uica ng Hari aco,i, may dini na
na laan sa iyo at sadiang talagá,
ó Sacramajestad mahalay aniya
sa di pa panahon manangap puri na.
At cun gayón palá di ucol sa iyo
yaring inadhicá sa camahalan mo,
cay Doña María na sagót ay oó
at di pa po ucol Hari sa lagay co.

Hosted by Google

Di co pag-aanhin pagdaca,i, lumabás
yaong tatlong coche pauang guintong uagás,
ualang nagcuculang pauang hustong lahat
cochero,t, librea sampu ng̃ alfombras.

Na baquit guinto na ang cocheng lumitao
pauang alumbrado ay nag-galao-galao,
ang mg̃a carbunco ay gayon din naman
cun mang̃ag siquisap hindi matitigan.

At gayon din naman ang mg̃a librea
huad na sa damit ay lalo sa ganda,
cun hindi rao tauo anang isa,t, isa
mistulang Angeles anang nang̃agbadia.

Ang labing dalauang damang cáagapay
sa dalauang coche nama,i, nalululan,
cun ito,i, uariin at caniláng tingnan
mg̃a Santa uari ang canilang lagay.

At ng̃ manaog na si Doña María
ang mg̃a músico,i, nang̃agsitugtog na,
tuloy ang escuadrón inilabás nila
sabáy nagsilacad ang sa Haring tropa.

Ang sa tauo naman na mg̃a usapan
mapalad anilá ang Haring marang̃al,
ang sa iba namang hindi mapagbulay
cun ano,t, nacuha anilá ni Juan.

Ang uica ng̃ ibá hindi ng̃a siguro
at ang capalaran ng̃ lagay ng̃ tauo,
sinong magsasabi sa lagay na ito
macuha ni Juan doon sa encanto.

Mana,i, sa castillo ng̃ sila,i, sumapit
Hari sa Consejo ay agad nagsulit,
ay cun calooban at inyong iniibig
lumacad na tayo sa palacio,i, manhic.

Hosted by Google

Anang̃ isa,t, isá Hari ay magaling ng̃a
at maraming tauo ang nang̃atutua,
sigtiro ang reino,i, sa mg̃a balita
ay punó ng̃ tauo ang lansang̃ang madla.
Dito na lumunsad ang hari,t, ang tanan
si Doña María ay gayon din naman,
may labing dalauang damang caagapay
at sampo ng̃ Hari sumamang cumamay.
Ng̃ sila,i, pumasoc niyong caharian
tunog ng̃ músico,i, di magcarinigan,
putóc ng̃ cañones mg̃a salva real
doon sa Castillo at sa Fuerza naman.
Sa malaquing tua na hindi maisip
ang matanda,t, bata pauang naligalig,
lalo ng̃ dumating sila at sumapit
nang̃ag si salubong mariquit na tinig.
Dico na sayurin at sabihing lahat
tanang fiesta reales na ualang catulad,
may torneo naman silang iguinayac
na alay sa Haring dinatnan ng̃ palad.
Ang fiesta at gulo ay siyam na arao
na may luminario ang sang caharian,
at may torneo pa na apat na arao
na iba,t, iba pang mg̃a catuaan.
Itiguil co muna itong gallardía
at sa pagca hindi ay ang pinupunta,
ang aquing sabihin bagay ng̃ pageuha
yaring pagparito ni Doña María.
Ano,i, ng̃ matapos ang guló sa reino
yaong pagpifiesta doon sa palacio,
ang uica ng̃ hari sa mg̃a Consejo
itong coronación igayac na ninyo.

Hosted by Google

Ang sagót at uica ng̃ isa at isa
igayác na natin ang pagcocorona,
saan man patung̃o cun ito,i, yari na
at cun pahintulot ni Doña María.
Ang uíca ng̃ Hari ano,t, di igayác
aco,i, isáng Hari na naquiquiusap,
utos co,i, ng̃ayon din ay agád matupád
at sa tatlong arao mayari at sucat.
At gayon din namán isunód ang fiesta
na siam na arao cay Doña María,
ng̃ icao,i, quilanlin sacop-cong lahat na
na pagcatotoo na siya ang Reina.
O bantóg na Hari monarcang poon co
ó cababalaghan ng̃ Haring Asuero,
alin dila,t, bibig ay ang bubuc-hin co
pagpapasalamat sa camahalan mo.
Sucat na ang batóng diamante
at sa guintong puro mahalong parati,
cun ang sapó naman tumaas ang sabi
sa tingcád ng̃ bató ay maca-aapí.
Ang sagót ng̃ Hari ang uíca mong iyan
talinhagâ mandin anaqui may lamán,
cun siya po ng̃ayon na pinagpalaguián
di ang lasa,i, siyá mo pong mananámnám.
Munting dang̃al baga ng̃ palad cong yari
na aco,i, tauaguin at Reinang masabi,
ng̃uni at hindi co yaon dili-dili
cayâ naguing Reina naglaco ng̃ puri.
Ang sagót ng̃ Hari mahal na Alteza
sinong mang̃ang̃ahas na pag-uicaan ca,
dili acó rito ay quiniquilala
ang mag upasala,i, magcacamit dusa.

Hosted by Google

O mahal na Hari yaon ay totoo
pauang mangyayari ang pangungusap mo,
pero ualang ibá mag-uiuica,i, cayó
na cun magcagayon acó sa lagáy co.
Ang uicâ ng Hari dili co-pahayag
at ang boong Reino ay nacatatatap,
di sasangmagcano guinugol cong pilac
ngayon co natanto ang buti mo,t, dilág.
At mabuti nga po at iyong nasambit
ang pagcacagastá ng buti mo,t, diquit,
at alin-alin pa ang ipagsusulit
na pinuhunan mo sa iyóng pag-ibig.
Cun gayo,i, dinguin mo mahal na princesa
magmula ng aco,i, biguian mong balisa,
isáng hating gabi tahimic na sadia
aco,i, sasa torre ng icao,i, maquita.
Linalargavista co ang iyong liuanag
sa bundoc ng Nilo na lubhang mataas,
doon co naquita ang buti mo,t, dilag
dini sa puso co,i, nagbigay pahirap.
Sa boong magdamag hindi nagpahingá
at icao ang aquing tunay na sinambá
di co lamang anhin ang mag umaga na
at iguinayác cong paghanapin quitá.
Sa auá ng Dios ay ng lumiuanag
ang mga Consejo ay aquing tinauag
at capagcaraca ay ipinahayag
ang gayóng himaláng ualáng macatulad.
Aco,i, nagpagayác isang ejército
at ang paroronan ang camahalan mo,
caya napahintó ang lacad na ito
ay ang sumansala ang mga Consejo

Hosted by Google

Anang isa,t, isa ang mg̃a usapan
mataás na bundoc ang pagdaraanan,
maluang na dagat na di anó lamang
mabuti cun tayo ay macararaan.
Ng̃ mapag-acala ang bagay na yaon
cami ay nagbagong nag-usapan ng̃ayon,
aco,i, nagpabando dito,i, magcatipon
lahat ng̃ lalaquing aquing mg̃a campón.
Hindi rin naliban lumabas ang bandó
maguing mahal, mura cahi man at sino,
ang macasusunod sa ipag-uutos co
may cacamtang upa bucod pa ang premio.
Ay baquin po baga oh haring marang̃al
di mo pa gantihin ang may capagalan,
ang sagót ng̃ Hari iya,i, pasasaan
na cun maraos na yaring aquing pacay.
O mahal na Hari mabunying Asuero
ang catouiran po ay hindi parejo,
ng̃ayon co natantō ang pagca totoo
ang sabi,t, pahayag doon sa proverbio.
Cun ang saquit po ng̃ tauo,i, malaqui
saan di ay tantong pang̃aco,i, marami,
cun lumacas naman at ito,i, umigui
ang pinang̃acoan ay di na masabi.
Cun caya co uica ang bagay na itó
hindi co pag-unang bait po sa iyo,
bago mo guinaua ang bagay na itó
guinantí mo muna ang iyong súbdito.
At ng̃ maquilala ng̃ campón mong lahat
na icao ay Hari ang gaua mo,i, tapat,
sa súbdito mo po,i, cun may naghihirap
at huag sa aquin guinastá ang pilac.

Hosted by Google

Sa guinauá mo pong mga cafiestahan
di sana sa aquin ang ucol at bagay,
quilanlin co,t, hindi ang bagay na iyan
ualang mauiuica ang iyong carictán.
Caya pó Hari co bantóg na Monarca
punong sinusunód ng tauong lahat na,
cayá di ayunan ang bantá pó niya
ay ualang puhunan ang iyong ligaya.
Cun tungcol sa aquin mutiang bagay-bagay
at sa mga ari nama,t, cayamanan,
gayon din sa honor ay ang hanap lamang
ang honra ay hindi pilac ang puhunan.
At itó ngang pilac ay cun hahanapin
ang capuá pilac ang pupuhunanin,
ang puri aniya lalo,t, para natin
ang pinupuhunan ang sabing magaling.
Lalo cun sa pobre villanang para co
ang marahil datnán ng bagay na itó,
dico pasayurin hahabang totoo
tanang capisanan sa sala Estrado.
Haring panginoon hindi co pagsangá
sa camahalan mo may adhicáng sintá,
dapua,t, hindi co adhicá pagdaca
sa sino,t, alin man may nasang talagá.
At ang binibini na para co naman
ito,i, tapon co pó pulutin sino man,
capag ang sumintá ay may ticang taglay
tapát ang pag-ibig ualang caliluhan.
Cayá Haring poon cun sa ganáng aquin
huag maghinuha ang sinoma,t, alín,
ang lalo mang pobre sumintá sa aquin
cun taós sa puso,i, aquing iibiguin.

Hosted by Google

Ang sagót ng̃ Hari sa bagay culang pa
itong naquita mong himalá ng̃ sintá,
ay di cun sa gayón bacás ay uala pa
sinomang may pilac ay macagagastá.
Ang uica ng̃ Hari anóng sabi iyan
touing mang̃ung̃usap aco,i, nasasactán
oó ng̃a po Hari,t, caiba ca naman
ibá ang may saquít icao ang nagtapal.
Sa sagót na itó Hari ay nagdamdam
cay Doña María na uicang tinuran,
ang bagay na ito,i, di mo paayunan
bago,i, ang hiling co,i, hindi sa mahalay.
Dili bagá acó ay Haring batid mo
punong tinatanghal nitong aquing Reino,
anó pang dahilan na di ipayag mo
at dimo tangapin ang sintang hain co.
Cundang̃an pagting̃in at ling̃ap co lamang
di maliuag gauin ang na sa calooban,
na acó ay bacá iyong mauicaan
at sa aquing gustó ay sinong susuay.
Caya ang uica co oh Doña María
ang pang̃ung̃usap co ay biguian mong honra,
ay di naman hamac na malalagay ca
siyang tatanghalin na maguiguing Reina.
Sa boong acala ng̃ iyong carictan
na tungcol sa sintá ang bagay dahilán,
ang tugón mo,i, óo anó,t, di pa biguian
ng̃ayon ng̃ consuelo pero gayon naman.
Hindi co po uicang lubós sa caniya
ang icao po,i, Hari ay ibiguin quita,
pagca,t, sa pag-ibig ay may Hari pala
na gumogobierno at umaantala.

Hosted by Google

Anang Hari ay sino ang macahahadlang
na macasasanga ng̃ sinta cong̃ alay,
at anong halagá ng̃ lacas co,t, tapang
cun di maitangol ang puri con tang̃an.
Oh mahal na Hari na bunying Asuero
paghunos ng̃ galit ang camahalan mo,
at ualang matapang sa balat ng̃ mundo
na di camatayan ang siyang tumalo.
Sa malaquing galit ng̃ Haring masiglá
ng̃ hindi paayon si Doña María,
ang Haring marang̃al nang̃usap pagdaca
naring̃ig ng̃ lahat ang gayong pasiya.
Sa pagca aniya ay di ring mangyari
ang ninanasa co,i, uala,t, ma-aapi,
ang utos co,i, bigla na dalhin sa torre
yaong palamarang sucab na babayi.
At si Juan naman ng̃ayo,i, inyong dacpin
at capagcaraca,i, isilid sa carcel,
sa icatlong arao huag palibanin
ang sentencia niya ay agad yariin.
Hindi mararating at masasapit co
mang̃a cahirapan nangyari sa Reino,
anong di ipayag caya sa lagay co
aco,i, isang Haring may corona,t, cetro.
Cundang̃an ng̃a yata ito,i, may dahilan
at sila,i, mayroon nayaring usapan,
ano,t, di pumayag sa aqui,i, pacasal
aco,i, isang Haring may coronang tang̃an.
May pagca totoo uica ng̃ privado
ang sabi ng̃ Hari sa loob bumucó,
cundang̃an aniya may dahilan ito
ano,t, di pumayag caya sa lagay co.

Hosted by Google

Matantó ng̃ Hari ay agád nag-alab
sa dibdib ang galit ay agád nagningas,
sa oras ding yaon ay nayari agád
sa icatlong arao pupugutan caguiat.
Anang isa,t, isa cun mayari ito
si Juan anila,i, maputlang ng̃ ulo,
loob ni María di na maguguló
agád ng̃ papayag sa Haring poon co.
O mahal na Hari ang lalong magaling
si Doña María ipatauag natin,
di ca masusuay´at Hari cang tambing
pauang mangyayari anomang ibiguin.
Dito na tinauag si Doña María
doon sa palacio ay pinapanhic na,
ang mahal na Hari nag-uica pagdaca
ang muc-há ay tacpan ng̃ di macaquita.
Ano,i, ng̃ sumapit doon sa harapan
pagdaca,i, nag-bigay ng̃ puspos na galang,
sa mahal na Hari at sa capisanan
at sacá tumanong ng̃ ganitong bagay.
O sacramajestad at vuestra Alteza
ano cayang dahil at bagay aniya,
na aco,i, quinaon quinuha sa villa
at saca sa torre ay ipinadala.
Ay paano cayá ang bagay na itó
ng̃ may mga bait at acalang tauo,
hindi naman ulól ang Hari banta co
at cun ulól disin ay ualang gobierno.
Baquit cayá bagá at magcacagayon
at dito marahil ay mangyari ngayon,
tauong ualang sala,i, bibigyan ng̃ batol
lalo cong sa hiling ay hindi paayon.

Hosted by Google

Caya po hari co ang bahala,i, icao
yamang na sa iyo ang capangyarihan,
at ang uica co po sa aquing catauan
ang di napapagod huag maquinabang.
Sa sagót na iyon ang Hari nagdamdam
cay Doña María na uicang tinuran,
ang uica ng Hari cun aquing pagmasdan
tila may iba ca na naiibigan.
Cundangan aayao ang camahalan mo
sa aqui,i, umibig diua,i, cun paano,
ano,t, di pumayag caya sa hiling co
sa gayong calaqui pag-ibig sa iyo.
Ang sagot at uica ni Doña María
pasasaan yaon capag palad co na,
datapua,t, ang aquing uica sa canila
ito,i, pahayag co sa balang may sinta.
Mahal man at mura di co inaalis
magtangan ng sinta sa aqui,i, umibig,
na ang macasunod ó Haring mariquit
siyang magtatamó cun loob ng langit.
Caya ang may sinta ngayon ay sumagot
sa cahingian co,i, cun may macasunod,
balang macatupad cahima,t, busabos
aco,i, palad niya talagá ng Dios.
Caya po turan co ang aquing importa
Hari sa diquit mo gayon din sa iba,
ayao naman aco cun ini-uupa
para ng nangyari ngayon sa nauna.
Sa pagca ang aquing mga cagustuhan
aeuan sa mga ibang calooban,
na ang puri nila sa salapi,t, yaman
at hindi sa pagod ng cataua,t, buhay.

Hosted by Google

Haring daraquila ang sabi co,i, dinguin
ang pagcatotoo cun sinong aamin,
hiyas co sa dibdib caniyang abutin
ang aquing pangaco,i, hindi mangunguling.
Datapoua,t, ito,i, bago ibigay co
sa sino,t, alin man may tangang deseo,
isang catibayan ang hinihingi co
ng macatutupad ng inoola co.
Ipahahayag co ng inyong malining
ang sabi cong ito,i, nalang iniiling,
sang daang cabang daua aquing hinihiling
ang binlid naman po,i, sandaang caban din.
Ng oras ding yaon Hari nagpahanap
di naman nalaon dumating na agad,
ito,i, pinagsama,t, pinaghalong caguiat
si Doña María ay sacá nangusap.
O mahal na Hari yamang narito na
yaring aquing hiling na binlid at daua,
ang tanong co naman sino sa canila
ang macasusunod sa hiling co,t, pita.
Ang uica ng Hari sabihin mo,t, turan
cun ano ang iyong mga cahilingan,
ng aquing matanto ngayo,t, maalaman
caya pagsabi na,t, aquing paquiquingan.
Cun gayon ang uica ni Doña María
yamang pahintulot ng vuestra Alteza,
yaong pinaghalo na binlid at daua
ay paghiualain sa pagcacasama.
At ang isa pa po na pita co,t, hiling
ang aquing palacio sa bundoc ay cunin,
at dito sa reino ay iouing tambing
siyang tatahanan pagcacasal namin.

Hosted by Google

Huag magcuculang ng̃ ano man lamang
jardin at palacio boong casangcapan,
cun ito,i, dumating ang capang̃acuan
pacacasal caming hindi maliliban.

Hari at sino man mahal man at mura
ay ang macasunod ng̃ hiling co,t, pita
yaong pinaghalo na binlid at daua
ay paghiualain sa pagcacasama.

Caya ang sinomang may dalang pag-ibig
na may sintang tang̃an ining̃at sa dibdib,
balang macasunod ng̃ pita co,t, ibig
sa lagáy cong yari siyang magcacamit.

Caya ang sinoman doo,i, macacuha
ng̃ aquing palacio at dito,i, madalá,
ang macapag bucód ng̃ binlid at daua
quiquilalanin cong tunay na asaua.

At doon ay tambing aco,i, pacacasal
sa oras ding ito,i, hindi maliliban,
cayá hinta,i, co pó sa sino,t, alin man
itong aquing sabi ay catotohanan.

Ang tugon ng̃ Hari ay laqui anya
nitong inisip mo ó Doña María,
di mo lamang mandin tapatin pagdaca
na bucsan sa bibig sa aqui,i, ayao ca.

Cun hindi aayao ang camahalan mo
sa aqui,i, umibig diua,i, cun paano,
cun dito rin lamang sa nasasacop co
ay sinong papayag sa gayong hiling mo.

Ang bucód sa rito bagá ay huli pa
yaríng palacio co sa palacio niya,
cundang̃an at tantong pagpapahirap pa
ano pang ibig mo baga sa pagsinta.

Hosted by Google

O mahal na Hari ngãyon co nabatid
tapat ang pagsinta at iyong pag-ibig,
nguni,t, ang hindi co mapag-isip-isip
ay ang ualang pagod siyang magcacamit.
Haring Asuero di co sinasanga
cahi,t, ang sino man magtangãn ng̃ sintá,
maguing tauo lamang mahal man at mura
balang macasunód siya cong asaua.
Cayá pó Hari co ang iyong padecer
ibig cong matantó cun sinong aamin,
ang sagót ng̃ Hari sino caya,t, alín
ang macasusunod ng̃ pita mo,t, hiling.
Sino caya,t, alin ó Doña María
ang macasusunod sa hiling mo,t, pita,
sinong paroroon at sinong cucuha
ng̃ iyong palacio dumating pagdaca.
Cun hindi ang Poon na divino Verbo
ang siyang manaog ngãyon at parito,
na siyang cumuha sa iyong palacio
cun caya madala at dumating dito.
O Doña María sucat mong halatain
ang di mo pagsinta,t, pag-ibig sa aquin,
cun aco,i, gusto mo hindi co daratnin
itong paraya mo,t, pahirap sa aquin.
Yamang aco,i, Hari dito,i, ualang ibá
macapangyarihan sa tauong lahat na,
ngũni cun mapili ang binlid at daua
ay pahintulot co ngãyo,i, pacasal ca.
Cun gayon aniya,i, di iba,t, si Juan
Hari ang tutupad niyang mg̃a bagay,
palacio at daua na pagpipilian
iyong maquiquita,t, dito,i, matitingnan.

Hosted by Google

Cun gayo,i, tauaguin si Juan aniya
at sa calaboso,i, cunin capagdaca,
Juan anang Hari tambing sumunod ca
sa hingi sa aquin ni Doña María.
Datapua,t, cun hindi mo ito masusunod
yaring alimura pag ayop ng̃ utos,
sa cahihiyan co sa Reino,i, nabantog
ay ang buhay ninyo ang ipatatapos.
Caya hayo dali ng̃ayo,i, iyong cunin
dito sa magdamag huag palibanin,
ang palacio niya ng̃ayon din dumating
ang binlid at daua ay isamang tambing.
Oó pó ani Juan at sinusunód co
Haring pang̃inoon ang mg̃a utos mo,
aco po,i, aalis ng̃ayo,i, cucunin co
cay Doña Maríang hiling na palacio.
Ang binlid at daua ay gayon din naman
at capagdating co,i, aquing pipilian,
ang sagót ng̃ Hari ay handa na,t, laan
icao na pipili siyang hinihintay.
Dito napaalam si Juan pagdaca
tangcang hahanapin ang cabayo niya,
ang cabayo naman pala,i, narcon na
tapát ng̃ palacio inaantay siya.
Anitong cabayo baquing bagá Juan
tila ga bigla na,t, ng̃ayo,i, nalulumbay,
oó ng̃a aniya may cadahilanan
may utos na bago ang Haring marang̃al.
At diua,i, ito na ang siyang tatapos
niaring hining̃a co pag di co nasunód,
palacio,i, cucunin ni Maríang alindog
at may daua pa ng̃ang ipinapupulot.

Hosted by Google

Ngãyon ay paano yaring aquing lagay
Dios co,i, i-adia yaríng aquing buhay,
anitong cabayo huag cang malumbay
di may mga virtud na sa iyo,i, bigay.
Pagdaca,i, sinunog at guinaua niya
yaong balahibo bigay sa caniya,
sa bilís ng hangin ay ipinadala
siya ng pagdating ng Haring Aguila.
At gayon din naman ang hayop na tanan
mga lumilipad at nag sisigapang,
at gayon din naman coitib at langam
narito na ngayon lingcod mong utusán.
Ang uica ni Juan sa Haring Aguila
cayong gumagapang na apat ang paá,
ngayon din ay cunin na huag sumala
ang palaciong bantog ni Doña María.
Na sa gabíng itó ay agád dumating
at cayo aniya ay aquing hihintin,
icao naman langam ang iyong tunguhin
ang binlid at daua ang inyong pulutin.
Pagcasabing gayón ay napaalam na
at tambing sinunód ang hiling at pita,
ng mahating gabi dumating pagdaca
ang palacio,i, taglay ng ibong lahat na.
Casama ang tanan na mga Angeles
nag sisipagcanta,t, sila,i, nag-aauit,
sabihin pa baga ang tua,t, ligalig
palacio sa villa agad itiniric.
At gayon din naman coitib at langam
sa binlid at daua sila,i, nagcapisan,
halos di maquita ng malaganapan
ang binlid at daua siya nilang taglay.

Hosted by Google

Humupa pagdaca ang buntón ng̃ binlid
at ang daua nama,i, taglay ng̃ coitib,
ito,i, sunód-sunód silá,i, nagliligpit
hangang di matapos ang daua at binlid.

Ang mahal na Hari nama,i, ng̃ maguising
si Jua,i, naroon at siya,i, nagturing,
Hari pó,i, yari na ang lahat mong órden
ang daua,t, palacio nasunod na tambing.

Icao po,i, maupo at iyong pagmasdan
ang binlid at daua ay taglay ng̃ langam,
palacio sa villa ay naroon naman
doon itinayó na sa aming lugar.

Aba po Hari co cun gusto mo,t, ibig
abata sa villa ng̃ iyong mabatid,
ng̃ mapanood mo cun gano cariquit
ang palaciong yaon dito,i, nalalapit.

Hari nagsigayac sampong mg̃a sama
at casabay naman si Doña María,
ang capál ng̃ tauo sabihin pa bagá
na nagsipagsadia doon ng̃a sa villa.

Ano,i, ng̃ sumapit at sila,i, dumating
tantong napamaang ng̃ diquit at ningning,
hindi matitigan at nacaduduling
dahilan sa batong jasping maniningning.

At sampo ng̃ voces na nagcacantahan
mg̃a estormento na nagcacasabay,
na cauili-uili cun ito,i, paquingan
niyong pagsasalio na di anó lamang.

Ano,i, ng̃ maquita ng̃ Haring mariquit
mg̃a cariquita,i, di sucat maisip,
hindi na cumibó siya at umimíc
sinidlan ng̃ lumbay at malaquing hapis.

Hosted by Google

Dito napaghulo ng̃ Haring marang̃al
nagcatotoo ng̃a yaong panaguimpan,
dili ibá yata,t, ang pobreng si Juan
ang siyang gagahis ng̃ capangyarihan.
Sa oras ding yaon guinaua pagdaca
yaong pagcacasal cay Doña María,
sabihin ang guló at daquilang fiesta
sa arao na yaong pagdedesposada.
Anang isa,t, isa,i, mg̃a camahalan
na Obispo,t, grandes doo,i, napipisan,
cun di ng̃a anila Dios ang may lalang
di sucat macamtan itong capalaran.
Sa pagcacapisan niyong tauong lahat
sa sala estrado ay natatalatag,
matandá sa lupa,i, nagpasabing agad
sa soldadong bantay ay ipinahayag.
Aco,i, ipagsabi doon cay Don Juan
na cun mangyayari ay siya,i, manung̃ao,
tuloy ipahayag ang anyo co,t, lagay
na lipós ng̃ sugat ang boong catauan.
Soldado ay nanhic doon sa palacio
at agád sinabi ang bagay na ito,
Don Juan aniya doon po,i, may tauo
na nagpapasabi sa camahalan mo.
Pagcasabing gayon nagtindig pagdaca
at ang capua bata ang inala-ala,
pagdung̃ao ng̃ hagdan caniyan naquita
pagdaca,i, lumucsó at quinalong niya.
Tuloy ipinanhic doon sa itaás
calong ang matandá na lipós ng̃ sugat,
ang lahat ng̃ tauo ay napaguilalás
sa di pagcasuclam at cayacap-yacap.

Hosted by Google

Doon itinuloy sa uupang silla
at pinaguitanan nilang mag asaua,
sa Obispo naman na capagcaquita
biglang niyocora,t, iguinalang niya.
Ang mitra sa ulo ay agad pinugay
at itong matanda,i, tinangnan ang camay,
ang lahat ng tauo ay nangapamaang
ayon sa Obispong guinauang pag galang.
Di co pag aanhin matanda,i, nangusap
at ito ang siya na ipinahayag,
Don Juan cong guilio at esposa mong liyag
cayo,i, magsunuran anomang di hirap.
Matrimonio ninyo ay pacamahalin
at sa inyong puso,i, itanim na tambing,
mga hibo,t, daya ng demoniong taesil
at ang cababaan ay huag lisanin.
Ang Cataasang gaua at capalaluan
sa mundo ay parang lasong pangilagan,
cataasang gaua,i, ualang cararatnan
at ang matutubo,i, madlang cahirapan.
At dito nga sila benendicionan
itong mag-asaua bagá ni D. Juan,
sampo ng cacaning doo,i, nalalaan
at silang cacain ay gayon din naman.
Ang Dios na Ama ang siyang tumulong
sa inyong dalaua sa habang panahon,
at ang Anác namán ang siyang magtangol
sa mga sacunang ualang macaucol.
Dios Espiritu Santo ang siya naman
na magpaliuanag ng potenciang tangan,
sa daang matuid ng di ca masinsay
at huag malico ang bait mong tangan.

Hosted by Google

Dito na cumain silang nagsasabáy
ang matandang ito,i, nagmamasid lamang,
at ng̃ macacain ay agád nagsaysay
ó Haring Asuerong macapangyarihan.
Paui ang poot mo at suclam sa aquin
gayon namán cayóng ibang madirihín,
aco,i, narito man di sa inyo dahil
cun di pagdalao co sa sinta co,t, guiliu.
Dito na nagtindig Juan ay paalam
ina mo,t, asaua huag pabayaan,
iyong calingain sa lahat ng̃ bagáy
yacap aco guiliu at quita,i, lilisan.
Dito na nagtintig itong mag-asaua
at itong matanda niyacap pagdaca,
agád ng̃ nagdilim na catacá-tacá
natacpan ng̃ ulap ang canilang matá.
Ng̃ lumiuanag na yoang cadiliman
ang naquita nila ay cababalaghan,
isang Santo Cristo ang siyang natingnan
at sa lamesa ng̃a,i, doon nalalagay.
Ano,i, ng̃ maquita ang bagay na ito
caguiat na nangusap ang bunying Obispo
ó lahat ng̃ grandes at tanang guinoó
ng̃ayo,i, inyong dinguin ang sasabihin co.
Di sucat hamaquin ang lagay ni Juan
na dito ay ualang sucat macapantay,
ó Haring Asuero pagtimbang ng̃ lagay
sa himalang ito na iyong namasdan.
Sacá nagbendición ang bunying Obispo
ng̃ bendición papal sa lahat ng̃ tauo,
tulo,i, quinonsagrá ang boong Palacio
niyong mag-asauang bienaventurado.

Hosted by Google

Dito nangagsaliu yaong madlang voces
sarisaring tingig ng̃ mg̃a Angeles,
mg̃a quinacanta nila,t, inaauit
ang sa mag-asauang buhay na nasapit.
Itiguil co muna itong catouaan
ang Haring Asuero malaqui ang lumbay,
sa malaquing hiyá umalis pagcuan
at siya,i, umoui na nagpatuluyan.
Di naguing sang buan dinatnang suceso
ang reino,i, pinasoc ng̃ morong contrario,
sa casamáng palad ay siya,i, tinalo
pagdaca,i, sinamsam ang corona,t, cetro.
Ang Hari,i, piniit sa Castillo real
ang lahat ng̃ yaman inubos sinamsam,
mana,i, cay D. Juan itong maramdaman
sinabi pagdaca sa asauang hirang.
Esposa cong sinta ang uinica,i, ito
ang sabi nabihag ang Haring Asuero,
nang mg̃a malupit at tacsil na moro
ay paronan nati,t, agauin sa turco.
Mahalay sa aquin cun di co parunan
at ang reino ng̃ayo,i, aquing abuluyan,
di co matitiis ito,i, catungculan
caya matira ca,t, dumito sa bahay.
Don Juan cong ibig gayac at abata
at aco sa iyo ng̃ayon ay sasama,
ang peto,i, isoot sampo ng̃ banda
at itong singsing co,i, abutin pagdaca.
Ng̃uni,t, ang bilin co ay iyong tandaan
na capagdating ta sa Castillo real,
bago ca pumanhic ang espada,i, tangnan
at macaitlo mong ibendición lamang.

Hosted by Google

Di co pag-aanhin sila,i, lumacad na
tanang cabilinan sinunód pagdaca,
nagtuloy pumasoc silang mag-asaua
Castillo,i, pinanhic at inaquiat nila.
Bandera,i, inalis na lagay ng̃ moro
at ang estandarte na na sa palacio,
ay nang̃atiguilan ang lahat ng̃ tauo
hindi nacaquibo caramihang turco.
Nanhic sa palacio at nupo sa sitial
sinagui ang moro na gayong cacapal,
tinanong pagdaca cun sinong general
ng̃ guerrang pumasoc bumihag sa tanan.
Anitong general ay acó aniya
ano pong ibig mo pagsabi dali na,
cami po,i, lincod mo na tumatalaga
bagá man ang iyong Hari ay nacuha
Ang corona,t, cetro ng̃ayo,i, na sa aquin
ibinigay niya ng̃ aquing talunin,
cayá sa camay mo ay inihahain
sa pagca lingcod mo at iyong alipin.
Ang utos mo,i, siya na dito susundin
at icao ang puno na quiquilalanin,
ang hindi sumunod sabihin sa aquin
marahás na dusa ay pilit daratnin.
Ang lahat ng̃ bihag ay hicayatin mo
masoc sa bacuran ng̃ Poong si Cristo,
ang hindi sumunod ng̃ iuutos mo
ang̃ hatol co ay biglang alisan ng̃ ulo.
Cayá quilanlin ca ng̃ayon ng̃ lahat na
Obispo at Hari conde at ibá pa,
at yaong Privado bucas ng̃ umaga
at sampo ng̃ Hari ay dalhin sa plaza.

Hosted by Google

LIBRERIA
NI
J. MARTINEZ

Calderon de la Barca n.º 263. Binondo.

Ipinagbibili sa LIBRERIANG ito ang mga sumusunod na aklat sa uikang tagalog:

Buhay ni Rodrigo de Villas.
„ „ Aladino.
„ „ Billarba.
„ „ Baldobino.
„ „ Julieta at Romeo.
„ „ Florante at Laura.
„ „ Ibong Adarna.
„ „ Dr. JOSÉ BURGOS.
„ „ Alejandre at D. Luis.
„ „ Bernaldo Carpio.
„ „ Sigesmundo.
„ „ Sta. Ana.
„ „ Almanzor.
„ „ Salomon.
„ „ Medalla de Oro (3.)
„ „ ESOPO.
„ „ Igmidio.
„ „ Pantinople.
„ „ Teñoso.
„ „ Jaime del Prado.
„ „ Leopoldo.
„ „ Tablante.
„ „ Juan Patay.
„ „ Blanca Flor.
„ „ Jacobina.
„ „ Manrique.

Buhay ni Floriño.
„ „ Reyna Mora.
„ „ Pitong Infante.
„ „ Loduvico.
„ „ Cabayong Tabla.
„ „ CELIRA.
„ „ Juan Bachiller
„ „ Beata María
„ „ Beatriz.
„ „ Sta. Regina.
„ „ Sta. Isabel.
„ „ Tatlong Número.
„ „ D.ª Marcela.
„ „ D.ª María sa Ahas.
„ „ Florentina.
„ „ Juan at María.
„ „ Dama Inés.
„ „ Isabela.
„ „ Oliveros.
„ „ Gimeno.
„ „ Felizardo.
„ „ Totoo at Sinungaling.
„ „ CRISELDA.
„ „ Dr. JOSÉ RIZAL.
„ „ Doce Pares.
„ „ Haring Asnero.

Hosted by Google